



**Certificate in Biblical Studies
CBS400 Ang Mga Hari**

**CBS401 Haring Saul
Conrad Jun Tolosa**

Mga Hari

Sa yugtong ito ng buhay ng bansang Israel, hiniling ng mga Israelita kay Propetang Samuel na bigyan sila ng isang hari dahil nais nilang magkaroon ng isang pinuno na magiging sentralisado ang awtoridad na katulad ng mga bansang nakapaligid sa kanila. Hanggang sa puntong iyon, ang Israel ay pinamahalaan ng mga hukom at ng mga pinuno ng kani-kanilang tribo. Nang panahon ng mga Hukom ang takbo ng buhay ng bayan ng Diyos ay ganito: Pagkalipas ang maraming taong pagpapala, ang bayan ng Israel ay dahan-dahang makalilimot sa Diyos hanggang sa tuluyang mawala sa kanilang isipan na ang nararanasan nilang kasaganaan at kapayapaan ay nagmumula sa kanilang Panginoon. Ang ganitong kalagayan ng pamumuhay ay nagbubunga lamang ng walang patid na pagsuway sa batas na naghihimok ng galit ng Diyos. Dahil sa paggawa ng lahat ng uri ng kasamaan, parurusahan ng Diyos ang Israel sa pamamagitan ng pagpapalakas ng kanilang mga kaaway na magdudulot sa kanila ng paghihirap at pighati. Ang ganito namang kalagayan ang mag-uudyok sa mga Israelita na magsisi sa kanilang kasalanan at humingi ng tawad at saklolo sa Diyos. Dahil sa pagsisisi, sila ay kahahabagan ng Diyos at muling pagpapalain. Muling makararanas ang bayan ng Israel ng kasaganaan at kapayapaan. Ganito ang takbo ng buhay ng bayan ng Diyos noong panahon ng mga hukom.

Ngunit naramdaman ng mga tao na kailangan nila ng mas malakas, mas nagkakaisang pamumuno upang gabayan sila sa panahon ng digmaan at kapayapaan. Naniniwala sila na sa pamamagitan ng pagkakaroon ng isang hari, magkakaroon sila ng katatagan, seguridad, at isang pakiramdam ng pambansang identity. Bukod dito, umaasa sila na ang isang hari ay magdadala sa kanila ng mas malaking tagumpay at kasaganaan bilang isang bansa.

Isang araw, sinabi ng mga elders ng Israel kay Propetang Samuel, na umuupong hukom, na matanda na siya at ang kanyang dalawang anak na kanyang niluklok bilang kahalili ay hindi niya katulad. Alam ng bayan na ang pamumuhay ng magkapatid na Joel at Abijah ay nakatuon lamang sa pansariling ganansya at sa pagtanggap ng suhol. *Bigyan mo kami ng hari na maghuhusga sa amin tulad ng mga ibang nasyon, ang hiling nila kay Samuel.*

Bagamat ang kahilingang ito ay hindi nagustuhan ni Samuel, sinabi sa kanya ng Diyos na, *Ibigay mo ang gusto nila. Noon pa man ay hindi nila Ako tinanggap na kanilang Hari. Mula nang niligtas Ko sila sa pagkaalipin ng mga Egyptians lagi nila Akong tinatalikuran upang sundin ang kanilang mga diyos-diyosan. Ibigay mo ang kanilang hinihiling subalit bigyan mo sila ng babala patungkol sa hari na sasakop sa kanila.*

Mawawari natin sa mga pangungusap ng Lord na ang ugat ng problema ng mga Israelita ay ang pagtangga sa pamumuno ng Diyos sa kanilang buhay at ang mga umuusbong sa ugat na ito ay iba't-ibang uri ng pagdurusa.

Kahit binalaan ni Samuel ang mga Israelita tungkol sa mga mangyayari sa kanila, sa kanilang mga anak at buong sambahayan sa oras na magkaroon na sila ng hari, ipinilit pa rin nila ang kanilang kagustuhan. Binalewala nila ang babala ng Diyos na gagamitin lamang ng hari ang kanilang kabuhayan at mga anak sa pagpapanatili ng kanyang kaharian.

Sa gabay ng Panginoon, natagpuan ni Samuel ang isang magandang lalaki, matipuno ang katawan at mas matangkad kanino man, si Saul na mula sa lipi ni Benjamin.

Ang babala ng Diyos sa Israel tungkol sa mga kahihinatnan ng pagkakaroon ng isang hari ay nagkaroon ng kaganapan sa kasaysayan ng kaharian ni Haring Saul. Ang mga kalalakihan ay napasailalim ng batas na kung may kakayahan ay kinailangang maglingkod sa military. Maraming bukirin at ubasan ang kinamkam ng hari. Ang kanyang mga proyektong istraktura ay pinondohan ng mataas na buwis. Ang mga mamamayan ay nagmistulang alipin ng hari.

Bagamat marami ngang pagdurusa ang sinapit ng bayang Israel sa ginawa nilang paghingi ng hari, nakatanggap din sila ng pagkahabag sa Diyos. Pinagkalooban sila ng mga pagkakataong magapi nila ang kanilang mga kaaway sa pamumuno ni Haring Saul.

Ang isang mahalagang dapat matutuhan sa pag-aaral ng kasaysayan ng mga hari ay ang pagtingin ng Diyos sa puso ng tao. Si Saul ay walang puso na nakatuon sa kalooban ng Diyos; dahilan kung bakit sa ilang pagkakataon ay sinuway niya ang batas ng Diyos na naging sanhi ng pag-reject sa kanya ng Lord.

Ang gawaing paghahandog sa Diyos ay gawaing nakareserba sa mga propeta. Nang minsang nalagay si Saul at ang kanyang hukbo sa alanganin nang harapin nila ang napakaraming mandirigmang Filisteo, inutusan siya ng Propetang Samuel na maghintay sa gagawin niyang paghahandog sa Diyos bago nila labanan ang mga Filisteo. Kinainipan ni Saul ang pagdating ni Samuel upang magbigay handog sa Diyos, kaya siya na mismo ang nagsagawa ng pag-aalay ng handog. At nang minsan namang inutusan ng Diyos si Saul na lipulin ang mga Amalekites, na wala siyang ititirang buhay, tao o hayop man, sinagawa nga niya ang utos maliban sa hindi pagpatay sa hari ng mga Amalekites at pati na ang ilang piling matatabang hayop.

Sa isa pang pagkakataon, dinapuan ng takot si Saul nang makita niya ang dami ng mga Filisteo na kanyang sasagupain. Dahil sa hindi na siya sinasagot ng Panginoon sa panaginip man o sa pamamagitan ng propeta ng panahong iyon, minarapat ni Saul na komunsulta sa isang mangkukulam kahit alam niya na ito ay paglabag sa batas ni Moses. Pinatawag niya sa mangkukulam si Propetang Samuel mula sa hukay. Nang lumabas ang espiritu ni Samuel, sinabi nito kay Saul na inalis na ng Panginoon ang kaharian sa kanyang kamay at inilipat na ito kay David, at siya at ang kanyang mga anak ay mamamatay sa magaganap na sagupaan laban sa mga Filisteo. At nangyari nga ang hulang ito ng espiritu ni Samuel.

Si Saul ay naghari sa loob ng 40 years.

Ang isa pang mahalagang matututuhan sa pag-aaral ng mga hari ng Israel ay ito: Bagamat hindi pinananagot ng Diyos ang mga anak sa kasalanan ng kanilang ama (Ezekiel 18:20), damay ang buong pamilya sa consequences ng kasalanan ng ama (Exodus 20:5).

Multiple Choice

1. Ganito ang takbo ng buhay ng mga Israelita noong unang panahon.
 - a. Sila ay laging pinagpapala ng Diyos sa anumang sitwasyon nila.
 - b. May panahon ng pagpapala dahil sa kanilang pagsunod sa Diyos at dumaranas ng kasawian dahil sa kanilang paglimot sa Diyos.
 - c. Ginagawa ng mga Israelita ang lahat ng kanilang naisin at pinababayaan lang sila ng Diyos.
 - d. Lahat ng nasa itaas.

2. Ano ang naging ugat ng problema ng mga Israelita sa kanilang paghiling na magkaroon ng hari?
 - a. Ayaw ng mga Israelita ang pamumuno ni Propeta Samuel
 - b. Tinatanggihan nila ang Diyos bilang kanilang hari.
 - c. Ang mga anak ni Samuel na sina Joel at Abijah ay parehong makasarili.
 - d. Lahat ng nasa itaas.

3. Basahin ang 1 Samuel 15:1-23. Alin sa mga statement ang tama?
 - a. Sinabi ng Diyos kay Saul na huwag niyang sasaktan ang hari ng Amalekites kapag sila ay nakipaglabanan sa mga ito.
 - b. Sa pangunguna ni Saul, hahayaan ng hukbo ng Israel na mabuhay ang mga babae at mga bata sa pakikipaglaban sa mga Amalekites.
 - c. Ikinalungkot ng Diyos na ginawa Niyang hari si Saul sapagkat tinalikuran Siya nito at hindi tinupad ang Kanyang mga utos.
 - d. Lahat ng statement ay tama.

4. Sa 1 Samuel 15:1-23 ay matatagpuan natin ang pamilyar na statement na nagsasabing:
 - a. I shall return.
 - b. We must obey God rather than men.
 - c. To Obey is better than sacrifice.
 - d. Lahat ng nasa itaas.

5. Basahin ang 1 Samuel 28:3-25. Alin sa mga sumusunod ang maling statement?
 - a. Pinalayas ni Saul ang mga sumasanguni sa mga espiritu at mga mangkukulam.
 - b. Sumangguni si Saul sa isang mangkukulam sapagkat hindi na siya sinasagot ng Diyos maging sa panaginip o sa pamamagitan ng mga propeta.
 - c. Hindi nakilala ng mangkukulam si Saul kahit na nang kausap na ni Saul si Samuel.
 - d. Ang Diyos ay humiwalay na kay Saul.
 - e. Inalis na ng Panginoon ang kaharian sa kamay ni Saul at ito ay ibinigay na kay David.